ANO ANG PAPEL KO SA PAGPAPAUNLAD NG ATING PAMAYANAN BILANG

ANAK NG ISANG EXPAT PINOY

By: Maydenn Praise W. Manuel

From Baguio City, 18 year old , Maydenne Praise W. Manuel graduated as Class Valedictorian in high school and is currently a junior Information Technology major at the University of the Cordilleras.

Maydenne's father, Emilio Manuel, a dairy farm worker in Dubai, works very hard to support their family's needs, most specially their education and Maydenne knows that the best way to give importance to her father's sacrifices is to study hard and make him proud.

***

Mula noong ipinanganak ako, namuhay na ako bilang anak ng isang expat pinoy. Sa labing walong taon kong namuhay sa mundo, lumaki ako na nakakasama lamang ang aking ama isang beses sa isang taon tuwing nagbabakasyon siya. Isang buwan lamang iyon. At sa iisang buwan na iyon, maraming araw pa doon ay ako nasa iskwelahan. Hindi madali ang buhay ng pamilya ng isang expat pinoy, oo may pera nga upang makakain at makapag-aral, ngunit iba pa rin ang buhay kung kasama niyo sana ang inyong ama. Hindi madali ngunit naiintindihan ko din naman ito dahil sa hirap ng buhay ngayon, alam ko na kailangang magsakripisyo ng aking ama upang, ayon sa kanya, kami ay makapag-aral, mamuhay ng maayos upang hindi naming maranasan ang hirap na kanyang dinaanan noon, at matustusan ang pang araw-araw na pangangailangan n gaming pamilya. Dahil ditto, malaki ang aking pasasalamat sa aking ama at sa akin ding ina na nagtatayo bilang ama at ina ko sa labing-isang buwan sa isang taon na na wala ang aking ama.

Upang mabigyang halaga ang sakripisyo n aking ama, nag-aaral ako ng mabuti. Sa kasalukuyan, ako ay graduating student na ako sa kolehiyo. Sabi nga nila, ang pag-aaral o ang pagtatapos sa pag-aaral ng mga anak ng expat pinoy ang kanilang "investment". Dahil ang pagtatapos sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay malaking karangalan para sa kanila. Alam ko na malaki an tuwa na maibibigay ko sa aking ama kapag ako ay nakatapos. Bilang anak ng isan expat pinoy. Aking inaayon sa aking sarili na tungkulin kong makapagtapos ng pag-aaral upang ako naman ay makakapagtrabaho at nang makakatulong din sa ating pamayanan.

Bukod sa pagnanais ko na mabigyang tuwa ang aking ama, aking tanto na bukod sa aking pamilya ay ako ay kabilang din sa isang masmalaki pang pamayanan. Aking tanto na hindi lang ako ang naapektuhan sa pagiging expat pinoy ng aking ama, an gating bansa din. Kaya nga sila tinaguriang mga makabagong bayani. Kahit papaano, ang dolyares na pinpadala ng aking ama upang ako ay mkakain at makapag-aral ay tumutulong din upang umunlad an gating ekonomiya.

Kung papansinin natin an gating katayuan, kapansin-pansin naman na sa kasalukuyan, ang gasoline ay walang humpay na umaakyat ang presyo lingo-lingo na ngadudulot ng pagtaas ng mga bilihin. Ngunit and sweldo ng mga mangagawa ditto sa Pilipinas ay hindi naman tumataas. Kahit expat pinoy ang aking ama, aking nararamdaman din ang paghihirap ng buhay sa ngayon. Alam ko na bilang anak ng isang expat pinoy ay ako ay maituturing na “priviledged” dahil ako ay nakakain ng tatlong beses sa isang araw, may bahay akong natutulugan pagkatapos ng araw, ako ay may mga damit na nasusuot (madami ditto at produkto ng ukay-ukay), at ako ay nakakapag-aral. Masabi ko na kahit papaano ako ay “priviledged” kapag tinitignan ko ang mga pangyayari sa aking paligid o kung ako ay nanonood ng telebisyon. Hindi natin maipagkakaila na kinakailangan ng pag-unlad n gating pamayanan. Masasabi ko na sa aking murang edad, alam ko na limitado lamang ang aking magagawa at ang aking maitutulong sa ganitong sitwasyon. Ngunit kahit maliit lamang ito, malaki ang impact na magagawa nito; hindi dapat inamaliliit ang kayang gain ng isa.

Dahil ditto, bukod sa pag-aaral ng mabuti, alam ko na kailangan ko ding maging isang mabuting halimbawa sa lahat ng kabataan at hind maging isang dahilan ng dagdag konsumisyon sa aking pamilya at ating pamayanan. Sa panahon ngayon, madami ng kabataang lumilihis ang landas dahil sa paggamit ng ipinagbabawal na gamut, pagsali sa mga gang, at madami pang iba na nagdudulot ng kaguluhan sa ating pamayanan. Madami ding kabataan ngayon na ang mga magulang ay mga overseas Filipino workers o OFW Pero hindi sila nag-aaral ng mabuti at ginagaimt lamang ang perang ipinapadal sa kanila sa mga walang kwentang bagay katulad ng inuman, gimik, at madami pang ibang klase ng paglulustay ng pera ng mga kabataan ngayon; kaya ang perang pinaghirapan ng kanilang magulang sa ibang bansa at ang mga oras na nawawala ng hindi sila kapiling ay nawawalan nalang ng halaga. Madami din sa mga kabataan ngayon and dahil walang paggabay masaydo ng magulang, ang maagang nabubuntis at nagkakaanak ngunit hindi pa nila kayang sustentohan o hindi pa nila kayang magpalaki ng mga anak.

Gayon paman, sab nga n gating pambansang bayani, si Gat Jose Rizal, “ang kabataan naman ang pag-asa ng bayan”. Kung kaya’t sa bawat henerasyon ay may nasisilayang pag asa an gating lipunan. Ang bawat kabataan ay may kahinaan at kakayahan na nangangailanagan ng lakas ng loob upang upang harapin ang lahat ng pagsubok at upang maisakatuparan lahat ng pangarap at misyon niya na ipinagkaloob ng Panginoon sa kanyang buhay. Sa ngayon, alam ko na sawa na tayo sa katagang “ang kabataan ang pag-asa ng bayan” na paulit-ulit na sinasabi ng ating mga guro noong tayo pa man ay nasa elementary pero nananatili pa rin itong totoo.

Patuloy pa rin na umaasa ang Pilipinas sa ating mga kabataan pero kamustahin naman natin ang Pilipinas ngayon sa kamay ng ating mga kabataan? Sa pagiging modern ng panaho, kasabay din nito ang pagkasira ng ating pamayanan pati na rin ang kapayapaan nito. Mahirap mang sabihin pero dapat nating aminin na unti-unti nang napupunta sa maling pananaw ang mga kabataandahil sa lipunan na ating kinalalagyan. Sa ating pang araw-araw na buhay, karaniwan na sa atin ang makarinig o makapanuod sa telebisyon ang mga terorismo o kaya ay krimen na dulot ng masasamang bisyo at madami pang iba. Sa pagbukas ko ng radio at telebisyon, sa pagmamasid ko sa aking paligid, at sa pakikinig ko ng mga kwento ng bawat tao na aking makakasalamuha ay araw-araw nalang ay may “ bad news”. Paano ba ako makaktulong? Alam ko, dahil ditto, marami na sa mamayan n gating bansa ang nagging manhid nalang at tinanggap na nilang normal ang mga negatibong pangyayari araw-araw. Marami din sa kanila ang

umaasa na lalo pang gagrabe ang mga sitwasyon na ako. Ang mga pinuno n gating bansa ang siya mismong nag-aaway away sa halip na magtulungan upang magkarooon tayo ng mapayapang bansa sila pa ang naninira sa pundasyon n gating republika kaya masasabi pa ba natin ang salitang “Matatag na Republika ng Pilipinas”? Masakit mang sabihin pero ang mga Pilipino na katulad natin ay naghihingalo na at nahihirapan ng makamit ang kaunlaran sa patuloy na pagbagsak n gating ekonomiya. Ang lahat ng mga ito ay nararanasan hindi lamang ng mga matatanda pero pati na rin ang mga kabataan sa panahon ngayon.

May magagawa pa ba tayo upang umunlad at bumangon sa hirap ng panahon ngayon? May magagawa pa ba ako? Alam ko na maari ko naman piliin na maging isa sa libo-libong pilipinong wala nalang paki-alam sa bayan at sa mga pangyayari. Alam ko din na maari kong isipin na mag-aaral na lamang ako upang mapaligaya ko ang aking ama. Ngunit ayoko. Ayokong maging isang ordinaryong mamamayan lamang sa aking pamayanan. Alam ko na kapalit ng mga oras na hindi ko nakasama at ng kanyang pagsasakripisyo ang pag-asa na ako ay magiging isang responsableng mamamayan ng Pilipinas. Alam ko na madami pa akong magagawa. Madami pa tayong magagawa. Kaya bilang kabataan, ano ang dapat nating gawin at pagkaabalahan? Malaki ang magagawa ng bawat kabataang Pilipino na katulad ko sa ating kinabukasan dahil tayo ang susi at ang ilaw sa pag unlad ng darating na bukas n gating pamayanan. Malaki ang maitutulong sa atin kung iisipin natin na may mga kabataang may kusa na handang magmahal at tumulong sa pagpapaunlad n gating pamayanan. Mga kabataang nag-aaral upang hasain ang talino, may tamang ugali, pag-ibig sa kapwa, at takot sa Diyos, Huwag din nating kalimutan na isinasapuso ang pangaral n gating mga magulang. Ito ang dapat na ginagawa ng mga kabataan. Ako ay magiging isang mabuting halimbawa sa mga “values” na aking pinanghahawakan at pinapahalagahan. Sabi nga nila, “ What we sow is what we reap” kaya nga naman pagnagtanim tayo n mababuting Gawain, aani tayo ng isang maunlad at mapayapang pamayanan. Kung ang bawat kabataang Pilipino ay may ganitong pananaw sa buhay, nakikinita ko na dalawampung taon mula ngayon ay magkakaroon ng isan maunlad na Pilipinas.

Nasa ating mga kamay ang pag-asa sa muling pag angat ng Bansang Pilipinas. Kaya hindi pa nawawalan ng pag-asa an gating Bansa dahil mayroon tayo na magbibigay ng bagong pag-asa sa isang malaking hamon na ito.

Kaya bilang isang anak ng expat pinoy na tinaguriang mga makabagong bayani ng ating panahon, nais ko din maging isang sangkap sa pag-unlad ng ating bansa hindi bilang isang expat pinoy din kundi isang ilaw na magbibigay liwanag sa ating pamayanan sa pamamagitan ng pagtanim ng mababuting binhi. Mag-aaral ako ng mabuti upang mahasa ang aking talino at aking ibabaon sa puso at isipan ko ang mga pangaral ng aking mga magulang: pagkakaroon ng mabuting asal, pagmamahal sa kapwa, at higit sa lahat, ang takot sa Diyos. Kaya ang papel kong ito ay hindi lamang isinulat bilang isang anak ng expat pinoy kundi dahil isa din akong mamamayan ng Pilipinas na nagmamahal sa bayan. Ako’y magsilbi sa pamayanan sa pamamagitan ng paggawa ng mababuting Gawain at magsilbing isang mabuting halimbawa sa lahat ng mga kabataan sa ating pamayanan. Alam ko na malaki rin ang ginampanan ng pag-alis ng aking ama ng bansa upang aking mahubog ang aking paniniwala ngayon na may pag-asa pa at ako ay marami pang magagawa.